
# Kabisa Ko FaLa (Kabisaan ng Paggamit ng Komiks sa Pagtuturo ng Florante at Laura)



**ERICSON D. HAPIN**
Teacher I
Mamplasan National High School

## ABSTRACT NG PANANALIKSIK

Ang asignaturang Filipino sa ika-8 baitang ay pumapaksa sa iba't ibang akdang pampanitikan, pagsusuri at mga estratehiya sa pananaliksik. Sa ikaapat na markahan naman ay pumapaksa lamang sa tanyag na obra maestra ni Francisco 'Balagtas' Baltazar na Florante at Laura. Masasalamin sa akdang ito ang mga pahiwatig sa kung ano ang mga nangyari sa kasaysayan. Nagtataglay ito ng malalalim na salawikain, talinhaga at sari-saring uri ng tayutay na nangangailangan ng matinding pag-iisip upang maunawaan. Bunga nito ay mga karaingan na hirap maunawaan ng mga mag-aaral ang kabuuang ideya at konsepto ng awit.

Kaugnay nito, ang aksyong saliksik na dinisenyo upang makita ang kaibahan ng dalawang pamamaraan, aalamin nito ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral na nabibilang sa kontrolado at eksperimentong pangkat. Naniniwala ang tagapagsaliksik na ang pag-aaral ng isang akda ay mas magiging makabuluhan kung lubos na mauunawaan ng mga mag-aaral ang kabuuang ideya at konsepto nito.

Ayon kay Dr. Ali Merc (2013), ang pamamaraang komiks ay nakapagpapataas sa antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa lahat ng antas. Ito ay napatunayan na nagiging epektibo kapag ginamitan ng biswal na materyal tulad ng komiks. Pati ang mga guro ay makalilikha ng komiks kasabay ng kanyang mga mag-aaral at maeengganyo na pumasok sa paaralan upang mapaunlad pa ang mataas na lebel ng kanilang pag-iisip. Karagdagan pa, ang mga mag-aaral na ginagamitan ng komik istrip ay napagtanto na higit na narerehistro sa isipan ng mga mag-aaral, mababa man o mataas ang antas ng katalinuhan, ang leksiyon sa panitikan.

**Susing Salita:** komiks, matatalinhagang salita, antas ng pang-unawa

## PANIMULA

Malaking hamon sa ating mga guro hindi lamang ang pagtuturo kundi maging ang pagpapaunawa ng mga ito sa ating mag-aaral. Kaya naman tayong mga guro ay hindi tumitigil sa pagtuklas at pagbuo ng mga estratehiya o pamamaraan upang masubok ang kakayahan at talento ng mga mag-aaral at upang mabatid ang kabisaan ng nagaganap na pagtuturo sa apat na sulok ng silid-aralan.

Ang asignaturang Filipino sa ika-8 baitang ay pumapaksa sa iba't ibang akdang pampanitikan, pagsusuri at mga estratehiya sa pananaliksik. Sa ikaapat na markahan naman ay pumapaksa lamang sa tanyag na obra maestra ni Francisco 'Balagtas' Baltazar na Florante at Laura. Masasalamin sa akdang ito ang mga pahiwatig sa kung ano ang mga nangyari sa kasaysayan. Nagtataglay ito ng malalalim na salawikain, talinhaga at sari-saring uri ng tayutay na nangangailangan ng matinding pag-iisip upang maunawaan. Bunga nito ay mga karaingan na hirap maunawaan ng mga mag-aaral ang kabuuang ideya at konsepto ng awit.

Kaugnay nito, ang aksyong saliksik na dinisenyo upang makita ang kaibahan ng dalawang pamamaraan, aalamin nito ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral na nabibilang sa kontrolado at eksperimentong pangkat. Naniniwala ang tagapagsaliksik na ang pag-aaral ng isang akda ay mas magiging makabuluhan kung lubos na mauunawaan ng mga mag-aaral ang kabuuang ideya at konsepto nito.

Ayon kay Dr. Ali Merc (2013), ang pamamaraang komiks ay nakapagpapataas sa antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa lahat ng antas. Ito ay napatunayan na nagiging epektibo kapag ginamitan ng biswal na materyal tulad ng komiks. Pati ang mga guro ay makalilikha ng komiks kasabay ng kanyang mga mag-aaral at maeengganyo na pumasok sa paaralan upang mapaunlad pa ang mataas na lebel ng kanilang pag-iisip. Karagdagan pa, ang mga mag-aaral na ginagamitan ng komik istrip ay napagtanto na higit na narerehistro sa isipan ng mga mag-aaral, mababa man o mataas ang antas ng katalinuhan, ang leksiyon sa panitikan.


Para kay Blake (2013), sa kanyang pag-aaral na ang komiks ay mabisang kagamitang pampagtuturo kaysa sa mga teksbuk. Dapat na ang mas mabisa ay teksbuk ngunit sadyang ang realidad ay di maiiwasan. Ito na rin ang senyales para sa mga publikasyon at edukador na ang pagpapalaganap ng komiks sa paaralan ay tamang paraan.

## METODOLOHIYA

Ang aksyong saliksik na ito ay isang estratehiyang isinagawa ng tagapagsaliksik upang mabatid ang mas mainam na paraan ng pagtuturo ng awit na Florante at Laura. Ang guro ay nagsasagawa ng dalawang pamamaraan ng pagtuturo ng awit, isang nakabatay sa disenyo ng kanilang modyul at ang isa naman ay batay sa komiks na ginawa ng tagapagsaliksik.

Ang tagapagsaliksik ay bumuo ng kagamitan (komiks) sa pagtuturo ng Florante at Laura. Ang komiks na ito ay ginamit ng guro sa eksperimental na pangkat na kanyang tinuturuan habang modyul naman ang kanyang ginamit sa kontroladong pangkat. Makikita sa grapikong presentasyon na ito ang magiging proseso ng aksyong saliksik.

**Figura 1: Paradima ng Pag-aaral**



Sa pagsasakatuparan ng aksyong pananaliksik na ito ang mga mag-aaral ay mauunawaan nang lubos ang kabuuan ng awit na Florante at Laura. Mas lubos nilang mauunawaan ang kabuuan ng awit kung ito ay tatalakayin nang naaayon sa ideya at konsepto nito.

Ang mga mag-aaral ay karaniwang nahihirapan sa kanilang pang-araw-araw na pag-aaral kapag sila ay nahaharap sa mga aktibidad/gawain na kinasasangkutan ng pamamahala ng impormasyon, pananaliksik, mga mahirap unawain o hindi kawili-wiling pagbabasa ng mga teksto na maaaring humantong sa mga mag-aaral na magpakita ng ilang pag-iwas sa mga akademikong aktibidad na maaaring magresulta ng pagwawalang-bahala sa pag-aaral o kaya naman ay hindi lubos na pagkaunawa sa kanilang pinag-aaralan. Ang pagtalakay at pag-unawa sa awit na Florante at Laura ay naging hamon din, kung kaya't ito ang nais solusyunan ng aksyong saliksik na ito.

Ang aksyong pananaliksik na ito ay isinagawa sa dalawang seksyon ng ika-8 baitang. Napili ng tagapagsaliksik ang mga kabahagi ng pag-aaral sapagkat ito lamang ang seksyon na kanyang tinuturuan.

Ang pananaliksik na ito ay masusing sumunod sa mga pamamaraan ng pag-aaral na inilunsad para sa paglinang ng pang-unawa. Ang unang bahagi na isinagawa sa pag-aaral ay nagsumite ng liham na nagpatibay sa pag-aaral, nagsagawa ng oryentasyon sa mga mag-aaral at magulang at inihanda ang mga materyales o instrumentong ginamit sa pag-aaral.

Ikalawang bahagi naman ay ang pagsasagawa ng pag-aaral. Dito nagsimulang mangasiwa ng panimula at panapos na pagsusulit.

Sa huling bahagi naman, naganap ang pangangalap at pagsasaayos ng mga datos, pagtataya sa mga nakalap na impormasyon at ang pinal na pagtatapos ng kabuuang pananaliksik.

## RESULTA

1. Ano ang *mean score* na nakuha ng mga mag-aaral sa panimulang pagsusulit na nabibilang sa pangkat na kontrolado at pangkat eksperimental?

**Talahanayan 1: Interpretasyon sa Resulta ng Pagsusulit**

| | N | Minimum | Maximum | Mean | Std. Deviation |
|---|---|---|---|---|---|
| Pretest_Control | 40 | 0 | 23 | 11.63 | 5.319 |
| Pretest_Experimental | 40 | 1 | 22 | 12.17 | 4.956 |
| Valid N (listwise) | 40 | | | | |

Ayon sa talahanayan 1, ang pangkat kontrolado ay may 0 na pinakamababang iskor at 23 naman ang pinakamataas sa panimulang pagsusulit. Samantalang ang pangkat eksperimental ay 1 ang pinakamababa at 22 naman ang pinakamataas sa nasabing pagsusulit.

Sa halos magkapantay na iskor ng dalawang pangkat, ito ay senyales na iisa ang paunang kaalaman ng mga mag-aaral bago isagawa ang aksyong pananaliksik.

2. Ano ang *mean score* na nakuha ng mga mag-aaral sa panapos na pagsusulit na nabibilang sa pangkat kontrolado at pangkat na eksperimental?

**Talahanayan 2: Interpretasyon sa Resulta ng Pagsusulit**

| | N | Minimum | Maximum | Mean | Std. Deviation |
|---|---|---|---|---|---|
| Posttest_Experimental | 40 | 8 | 40 | 23.47 | 8.143 |
| Posttest_Control | 40 | 8 | 39 | 19.75 | 7.210 |
| Valid N (listwise) | 40 | | | | |

Ayon sa talahanayan 2, ang pangkat kontrolado ay may 8 na pinakamababang iskor at 39 naman ang pinakamataas sa panapos na pagsusulit. Habang ang pangkat eksperimental naman ay 8 din ang pinakamababa ngunit may nakakuha ng 40 o pinakamataas na iskor para sa nabanggit na pagsusulit.

Ito ay nagpapahiwatig na ang isinagawang paraan ng pananaliksik sa eksperimental na grupo ay mas epektibo sa pagpapabuti antas ng pag-unawa kumpara sa pangkat kontrolado gamit ang tradisyunal na kagamitan sa pagtuturo.

3. May makabuluhan bang pagkakaiba ang *mean score* ng dalawang pangkat sa kanilang panapos na pagsusulit?

| | | Mean | N | Std. Deviation | Std. Error Mean |
|---|---|---|---|---|---|
| Pair 1 | Pretest_Control | 11.63 | 40 | 5.319 | .841 |
| | Posttest_Control | 19.75 | 40 | 7.210 | 1.140 |
| Pair 2 | Pretest_Experimental | 12.18 | 40 | 4.956 | .784 |
| | Posttest_Experimental | 23.48 | 40 | 8.143 | 1.288 |

Kaugnay sa talahanayan 3, mayroong malaking pagkakaiba sa mga mean score ng kontrolado at eksperimental na pangkat sa panapos na pagsusulit. Ang kontroladong pangkat ay may *average* na iskor na 19.75 samantalang ang eksperimental na pangkat naman ay may *average* na iskor na 23.48.

Nangangahulugan ito na mayroong malaking epekto ang eksperimentong ito sa pagtaas ng *mean score* ng mga mag-aaral kumpara sa kotroladong pangkat sa panapos na pagsusulit.

## PAGTATALAKAY

Ang pananaliksik na ito ay mabisang pamamaraan na isinagawa ng mananaliksik upang mabatid ang kabisaan ng paggamit ng komiks sa pagtuturo ng Florante at Laura.

Ang guro ay naghanda o bumuo ng isang komiks na kanyang ginamit sa pananaliksik na ito. Ang komiks na ito ang ginamit ng guro sa kanyang pagtalakay sa awit na Florante at Laura.

Sa tulong nito, mauunawaan ng mga mag-aaral ang kabuuang nilalaman ng Florante at Laura. Ang pananaliksk na ito ang magiging batayan upang mapaunlad ang kaalaman ng mga mag-aaral sa nasabing akda.

Batay sa naging resulta ng pag-aanalisa, nagpapahiwatig ito na ang paraang pananaliksik na ginamit sa eksperimental na pangkat ay mas epektibo sa pagpapabuti ng antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral kumpara sa kontroladong pangkat gamit ang tradisyunal na pamamaraan sa pagtuturong Florante at Laura.

Sinusuportahan ng pananaliksik na ito ang pagpapatupad ng Proyektong Kabisa Ko FaLa bilang isang epektibong kasangkapan sa pagpapabuti o pagpapataas ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang pananaliksik na ito ay mabisang pamamaraan na isinagawa ng mananaliksik upang mabatid kung tumaas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa baiting 8. Kapansin-pansin na sa tulong nito ay mas naunawaan ng mga mag-aaral ang nilalaman ng akda.

Makatutulong ito sa mga guro sa Filipino upang magsilbing gabay at batayan sa pagbuo ng mga plano sa pagpapataas ng antas ng pagkatuto at pang-unawa ng bawat mag-aaral.

Ang paggamit ng komiks ay nagbibigay din ng oportunidad para sa mga mag-aaral na mag-isip nang mas malalim at maging mapanuri sa nilalaman at konseptong nakapaloob sa Florante at Laura. Ito ay nakatutulong sa kanilang kakayahan na mag-analisa at magbigay opinyon batay sa natutunan nila.


## PAGKILALA

Ang mananaliksik ay nais magpasalamat ng lubos sa mga sumusunod para sa pagsasakatuparan ng pananaliksik na ito.

Ang **Panginoon** para sa pagbibigay ng kaalaman, lakas, paggabay at patuloy na pagpapala. Dahil sa kanya, ang pananaliksik na ito ay nagging matagumpay.

Kay **Gng. Eleonofebiatriz A. Marasigan,** Punongguro, para sa kanyang walang sawang suporta at pagtitiwala na maisasagawa ng matagumpay ang aksyong pananaliksik na ito.

Kay **Bb. Kristela Janine A. Hortal**, sa kanyang pahintulot at buong suporta sa pagkumpleto ng pag-aaral na ito.

Kay **G. Edward R. Manuel**, SEPS, para sa Planning and Research, sa kanyang matiyagang pagtataguyod ng kapaligiran ng pananaliksik sa mga paaralan sa Binan City.

Sa lahat ng mga **mag-aaral sa ikawalong baiting ng Mamplasan National High School panuruang taon (2022-2023)** na naging kalahok sa pananaliksik, hindi maaaring magkaroon ng katuparan ang

pananaliksik na ito kung hindi sa kanilang kagustuhan at pakikiisa.

Sa lahat ng **mga kasamahan o MNHS Family,** para sa kanilang mga panalangin at moral na suporta.

At huli, sa kanyang **pamilya** at mga **kaibigan**, para sa kanilang mapagbigayna pag-uugali at tulong-pinansyal na nagbigay sa kanya ng inspirasyon na hindi sumuko at magpatuloy.

**SANGGUNIAN**

Blake, Cory (2013) <http://comic books, digital comics, education, graphic novels>.,<http://robot6.comicbookresources.com/2013/01/the-benefits-and-risks-of-comics-in-education/Retrieved 14 September 2014

Merc, Ali. (2013) The Effect of Comic Strips on EFL Reading Comprehension International Journal. Volume;4 Issue: 1 Article:5 ISSN 1309-6249.


**Address**: P. Burgos St., Brgy. Sto. Domingo, Biñan City, Laguna
**Contact Nos.**: (049) 547-0105 / (+63) 939-510-8779
**Email Address**: deped.binancity@deped.gov.ph
**Website**: depedbinan.com
Certificate No. PHP QMS 22 93 0085